

# PROLOGUE

“Kinakabahan ka ba sa initial interview mo sa Lunes?” tanong ni Grace Damian sa kaibigan.

“Medyo. First job ko yata ito,” sagot ni Linda Fernandez.

Kumakain sila ng lunch sa canteen ng kompanya. Nag-submit si Linda ng resumé sa personnel department pagkatapos ay pinuntahan niya si Grace sa accounting department ng *Guevarra Land Corporation* upang yayaing kumain. Matagal na ring empleyado ang kaibigan niya roon.

“Hindi ka dapat kabahan dahil siguradong tanggap ka. Formalities na lang ang lahat. Ang lakas yata ng backer mo, si Don Francisco Guevarra mismo!”

Napailing siya. Hardinero ang ama niya sa mga Guevarra. Maayos magpasuweldo ang mga ito kaya natustusan ng ama ang pag-aaral niya mula sa kinikita nito bilang hardinero.

Nang malaman ni Don Francisco na graduate na siya ay kaagad siya nitong binigyan ng recommendation letter upang makapag-apply sa *Guevarra Land*

*Corporation* na pag-aari naman ng anak nitong si Daniel.

“Si Itay naman kasi. Dapat ay hindi na lang niya binanggit na graduate na ako. Para tuloy siyang humingi ng tulong,” nailing na sabi niya.

“Bakit? Ayaw mo ba sa kompanyang ito?”

“Gustung-gusto. Kailangan ko talaga ng trabaho dahil nahihiya na ako kina Inay at Itay. Matanda na si Itay. Dapat ay ako naman ang magtrabaho para maka-pagpahinga na siya.”

“At titigil naman kaya ang itay mo sa pagtatrabaho kapag may trabaho ka na?” nakataas ang isang kilay na tanong ng kaibigan.

“Hindi,” natatawa niyang sagot.

Masyadong masipag si Mang Aurelio. Sakit lamang siguro ang makakapagpatigil dito.

“Anyway, kahit walang backer, siguradong matatanggap ka. Pihong mas magaling ka kesa sa mga nakaraang sekretarya ni Mr. Guevarra. Magaganda nga pero walang brains!”

Natawa siya. “Iyon ba ang dahilan kung bakit nag-resign ang dati niyang sekretarya?”

“May isa pang grabeng dahilan,” pabulong na dagdag nito. “Brokenhearted kasi si Marga kaya napilitang umalis sa kompanya.”

“Brokenhearted? Kanino?”

“Kay Mr. Daniel Guevarra, kanino pa?”

“Nagkarelasyon sila?” manghang tanong niya.

Tumango si Grace. “Napalitan siya agad kaya nag-resign. Nakahanap si Mr. Guevarra ng mas maganda sa kanya.”

“Palikero pala ang Mr. Guevarra na ’yon,” naiiritang komento niya. Hindi man niya kilala si Marga ay naaawa siya rito.

“Pinag-uusapan nga ng buong kompanya ang nangyari kay Marga.”

Lalo siyang nawalan ng gana, tinigilan na niya ang pagkain.

“Linda, pumasok sa canteen si Mr. Guevarra,” nang walang anu-ano ay pabulong na sabi ng kaibigan.

Napatingin siya sa may pintuan. Sa unang pagkakataon ay nakita na rin niya sa personal ang notorious na si Daniel Guevarra. Matangkad

ito, matipuno ang pangangatawan at mestisuhin. In short, guwapo ngang talaga! Napansin niya na biglang tumahimik ang buong canteen sa pagdating nito. Nakasunod dito ang isang babae.

“Sino kaya’ng kasama niya?” pabulong na tanong ni Grace.

Hindi umimik si Linda. Ang hula niya, marahil ay magpinsan o kaya ay magkapatid ang dalawa dahil malaki ang pagkakahawig ng mga ito. Umupo ang mga ito sa mesang malapit sa kanila kaya kitangkita niya ang lalaki mula sa kanyang kinauupuan. Nakakunot ang noo nito.

“Calm down, Kuya. Di magtatagal ay magkaka-sekretarya ka rin,” natatawang sabi ng kasama nitong babae.

*Kuya? Kapatid nga niya, naisip ni Linda.*

“Dapat. Ngayon ko higit na kailangan ng sekretarya. Ang hirap pa namang mag-train ng tao!”

Malinaw na naririnig ng magkaibigan ang usapan ng dalawa. Alam ni Linda na nakikinig din ang mga tao sa paligid.

“Kahit i-train mo pa ng ilang taon si Marga ay walang mangyayari. Mahirap siyang turuan.”

“You’re right. Mabagal pa rin ang work ko kahit na nag-o-overtime siya.” Bumuntunghininga si Daniel.

“The poor girl was in love with you, alam mo ba?” tanong ng kapatid nito.

“In love?” natatawang balik-tanong ng lalaki.

“Yes, in love!”

“Wala akong ipinakitang motibo na gusto ko siya, Helen,” naiiritang sabi ni Daniel.

“Wala akong sinasabing ganoon,” nakangiting sagot ng kapatid nito. “Sa palagay ko’y kailangan mo na talagang mamili nang mabuti ng sekretarya. ’Yung talagang maaasahan mo. ’Yung professional, efficient at higit sa lahat, ’yung hindi mahuhulog ang loob sa iyo.”

Nakita ni Linda na lalong kumunot ang noo ng lalaki.

“Ano ang ibig mong sabihin?” tanong ni Daniel.

“Bakit hindi ka kumuha ng sekretarya na may asawa’t anak na? O kaya’y matandang dalaga? O kaya’y ’yung klase ng babae na manhid!”

“Manhid?” Naa-amuse na ito sa sinasabi ng

kapatid.

“Seryoso ako, Kuya!” Pinanlakihan ni Helen ng mga mata ang kausap. “Ang ibig kong sabihin sa manhid ay ’yung immune na sa charms mo at hindi mabibilog sa matatamis mong salita. Kasalanan mo rin naman ang nangyayari sa iyo. You’re too handsome for your own good!”

Bumuntunghininga ang lalaki. “Kailanma’y hindi ko ini-encourage ang mga sekretarya ko,” mariing sabi nito. “But you have a point, Helen. Kailangan ko ng sekretarya na tulad ng sinasabi mo.”

Sa sinabing iyon ng lalaki ay nabuo ang isang plano ni Linda.

# 1

“Linda, tapos na ba ’yung memo na pinagagawa ko sa ’yo?” tanong ni Daniel.

Tuluy-tuloy ang lalaki sa private office nito. Hindi nito nililingon si Linda, inaasahang sumusunod na ang sekretarya sa pagpasok nito.

Umupo ito sa swivel chair, kaagad na kinuha sa office tray ang mga papeles na kailangang pirmahan.

“Sir, ready for your signature na ang memo,” sabi ng dalaga at saka na inilapag sa mesa ng boss ang ginawang memorandum.

Hindi pa rin nililingon ni Daniel ang sekretarya. Kinuha nito ang memo, binasa at pinirmahan. “Make sure that all departments receive a copy of this memo,” bilin nito.

Tumango siya. “May appointment ka kay Mr. Sanchez mamayang alas dos,” pagpapaalala niya sa schedule nito. “Tumawag siya kanina. May bagong project siyang gustong i-discuss. He’ll bring his associates along with him. Tatawagan ka raw muna niya bago ang appointed meeting.”

“Ibinigay mo ba ang number ng cell phone ko?”

“Yes, Sir.”

Katahimikan. Hindi pa rin siya lumalabas sa kuwarto.

“Yes, Linda? May sasabihin ka pa?”

Sa wakas ay tumingin ito sa kanya. Sino ba ang hindi mai-in love sa lalaki? Talagang kaibig-ibig ito, mula sa mga matang nang-aakit hanggang sa seryosong mga labi; matangos ang ilong nitong nagpapahiwatig ng pagiging arogante. Sa isang tingin lang ay mukha na itong maimpluwensya at mayamang tao, hindi basta-basta at nakakatakot banggain. Iyon mismo ang katangiang nakaka-attract sa mga babae rito.

Pero immune na siya sa attractions ng kanyang boss. Hindi niya nakikita rito ang sense of humor na hanap niya sa kanyang ideal man.

“Miss Fernandez?” untag nito, naiinip na.

“Uhm... I’m sorry, Sir.”

“May dumi ba ako sa mukha? Ba’t ganyan na lang ang tingin mo sa ’kin?” takang tanong nito.

Pinilit niyang ikubli ang nadaramang inis. *Ano*



*ang akala niya sa sarili niya? Super guwapo kaya't hindi ko na mapigilang pagmasdan? “Meron nga ho, kanina. Wala na ngayon,” pagsisinungaling niya. “Tumawag si Sofia Almonte.”*

Bigla ay parang nangunsumi ang lalaki. Bumuntunghininga ito. “Ano raw ang kailangan niya?” matigas nitong tanong.

“Hindi mo raw siya sinipot sa date n’yo kahapon,” pagre-report niya. Hindi na niya sinabi ang iba pang pinagsasabi ni Sofia. Alam niyang hindi iyon magugustuhan ng lalaki. “O-order na ba ako ng roses sa flower shop nang mai-deliver na kay Miss Almonte?” kalmanteng suhestyon niya.

Kunot ang noong tumingin ito sa kanya.

*Nahahalata kaya niyang pinagtatawanan ko siya?* naisip ni Linda.

“Are you laughing at me, Miss Fernandez?”

Miss Fernandez na naman! Naiirita sa kanya ang lalaki kapag tinatawag siya ng ‘Miss Fernandez.’ Kabisado na niya ang moods nito.

“Ba’t n’yo naman nasabi ’yan, Sir?”

Pinagmasdan ni Daniel ang sekretarya. Walang ekspresyon na makikita sa mukha ng dalaga. Hindi

tuloy niya alam kung pinagtatawanan na nga ba siya nito o ano. Sa loob ng isang taong pagiging sekretarya nito sa kanya ay hindi pa rin niya mabasa ang niloloob nito. Expressionless ang mukha nito; parang manhid, walang pakiramdam. Tulad ng sabi ng kapatid niya, professional si Linda.

Wala naman siyang mairereklamo kung sa serbisyo nito ang pag-uusapan. Efficient at dedicated ito sa trabaho. Ngunit kung minsan sa hindi maipaliwanag na dahilan ay nakakaramdam siya ng pagkairita rito. Tulad nang sandaling iyon. May pakiramdam siyang pinagtatawanan siya nito. Parang sa likod ng makapal na eyeglasses ay may itinatago itong hindi niya mawari kung ano.

Lumakad ang tingin niya mula sa flat shoes nito, sa simpleng palda, long-sleeved na blusa hanggang sa nakapusod na buhok. Ni minsan ay hindi niya ito nakitang nagulat o natapilok; laging prim and proper. *Miss Tapia, Jr.* Walang sex appeal, walang kalandian sa katawan. At ang hula pa niya ay sobrang relihiyosa ito.

“Okay, send her flowers kung sa tingin mo’y mapapatahimik mo siya,” naiiritang sabi ni Daniel.

“Is that all, Sir?”

Tumango ang lalaki. Yumuko ulit ito upang ipagpatuloy ang trabaho.

Lumabas si Linda sa kuwarto. Nakahinga siya nang maluwag. “Ang loko at nahalata yatang pinagtatawanan ko siya,” bulong niya sa sarili.

Tumawag siya kaagad sa flower shop. Suking-suki na siya ng mga ito. Madalas kasi siyang um-order ng bulaklak na ipinadadala niya sa mga babae.

“Yes, a dozen of red roses for Miss Sofia Almonte.” Idinikta niya ang address ng babae.

May black book siya ng addresses at pangalan ng mga babaeng idini-date ng kanyang boss. Ganoon siya ka-efficient, hindi lamang sa real estate business kundi sa personal life din ng boss niya. Alam din niya kung sino ang dapat burahin sa listahan. May tainga siya sa mga balita. Hindi ba at si Daniel ang laging usapan ng mga empleyado nito?

Nagtataka si Linda kung saan nakukuha ng lalaki ang energy sa paghahabol sa mga babae gayong napaka-busy nito sa trabaho. Wala siyang masasabi sa kasipagan nito. Lumago ang real estate business nito dahil sa sariling pagod at tiyaga. Hindi ito umasa sa milyonyong ama gayong nag-iisa naman itong anak na lalaki. Kung sa negosyo ay hanga siya sa

kagalingan nito pero sa pag-ibig at personal na relasyon? Sa tingin niya ay wala itong sense of loyalty, hindi maaaring pagkatiwalaan ng puso.

*Mabuti na lamang hindi ko siya type!*

Inalis niya ang suot na salamin. Napapagod din ang mga mata niya sa pagsusuot ng walang gradong eyeglasses.

---

Kinabukasan sa opisina....

“Linda!” sigaw ni Daniel mula sa loob ng silid.

Nagmamadaling kinuha ng dalaga ang steno pad at ballpen. Mabilis siyang pumasok sa kuwarto ng boss. “Sir?” pormal niyang tanong.

“Sabihin mo kay Rene na may meeting kami bukas ng umaga. Nine o’clock, sa conference room.”

Si Rene Francisco ang brilliant at dynamic na marketing head ng kompanya.

“I want you to be there, Linda, para ma-inform ka rin sa changes na gagawin natin sa ating marketing strategy.”

Tumango siya, hindi na nagreklamong day-off niya kinabukasan. Marahil ay nakalimutan nitong

may day-off din ang mga sekretarya!

“Any questions?”

“None, Sir.”

Tumango ito na ibig sabihin: *Linda, you're dismissed.*

Tahimik siyang lumabas ng kuwarto. Gusto niyang magdabog pero hindi niya ginawa. Mahal pa rin niya ang trabaho. *At lalo na ang suweldo*, sarkastiko niyang dagdag sa isip. Upang mapalis ang inis ay sumipol na lamang siya sa tono ng *Moonriver*.

“Hi, Miss Beautiful!” bati ni Rene pagpasok nito sa opisina. “Nand’yan ba si Bossing?”

“Nariyan siya,” nakangiting sagot niya.

Umupo muna ito sa mesa niya, hindi kaagad tumuloy sa opisina ni Daniel. “Kumusta na ang love ko?”

“Heto, hinihintay ang pagdating mo,” ganti niya sa biro nito.

Magkaibigan sila ni Rene. Nakikipagbiruan siya rito kapag wala o hindi naririnig ni Daniel.

“I’ve missed you, Sweetheart. Hindi ako nakatulog kagabi sa kaiisip sa iyo.” Kunwari ay nalungkot ito.

“Rene, tigilan mo nga ako.” Natatawa na siya sa pagbibiro nito. “Baka seryosohin kita.”

“Hindi ako nagbibiro, Love. Sabihin mo lang at magpapakasal na tayo.”

“Linda, sinabi mo na ba kay Rene ang pinasasabi ko?” tanong ni Daniel mula sa pintuan.

Namula si Linda. Nakita kaya ng boss niya ang pagbibiruan nila ng binata? “Not yet, Sir,” sagot niya.

Hindi ito nagsalita. Tiningnan lang nito ang dalawa. Napatayo si Rene, parang bata na nahuli ng ama na naglalaro sa putikan.

Hindi man sabihin ni Daniel ay alam niya ang tumatakbo sa isipan nito. Hindi dapat sinasayang ang oras sa mga walang kuwentang pag-uusap.

“Rene, may—” simula niya, sabay baling dito.

“I’ll take care of it, Linda,” sabad ng boss niya. “Ako na ang magsasabi sa kanya.”

Pumasok na ang dalawang lalaki sa opisina. Naiwang naiinis si Linda.

---

“Kumusta naman, Linda? Hindi ka ba nahihirapan sa trabaho mo?” tanong ni Mang Aurelio sa anak.

“Okay na ako, Itay. Nag-e-enjoy ako,” nakangiting sagot niya.

Nasa harap siya ng salamin, naglalagay ng moisturizer sa mukha upang maiwasang mag-dry ang kanyang kutis. Kailangan niyang alagaan ang mukha dahil maghapon niyang suot ang makapal na makeup na ina-apply niya para magmukha siyang matanda kaysa tunay na edad.

“Hindi pa ba nakakahalata ang boss mo sa tunay mong hitsura?”

Natawa siya sa curiosity ng ama. Humarap siya rito. Iba nang ‘Linda’ ang kaharap ni Mang Aurelio, hindi na isang ‘manang’ kundi moderna na. “Hindi ho,” sagot niya. “At kailanma’y hindi niya malalaman hanggang nasa poder niya ako.”

“Hindi ka kaya nagkakamali niyan, Anak?” tanong nito. “Kapag nalaman ni Daniel ang ginawa mo’y siguradong matatanggal ka sa trabaho.”

Lumapit siya sa ama at inakbayan ito. “Itay, ngayon pa ba magbabago ang isip ko? Narito na tayo. Isa pa, ginawa ko lang iyon para matanggap ako. Gusto niya ng perpektong sekretarya kaya heto ako. Wala na siyang mahihiling pa.”

“Marahil ay tama lang ang ginawa mo,”

pagkuwa'y bawi nito. "Ayokong matulad ka sa mga naging sekretarya ng boss mo."

"Kung makita mo lang kung paano ako tratuhin ni Daniel," pagkukuwento niya, "parang hindi ako babae!"

"Minamaltrato ka ba niya?" kunot-noong tanong nito.

"Hindi, Itay. Ang ibig kong sabihin ay parang wala akong ka-appeal-appeal sa kanya."

"Sumobra naman kasi ang pagpapapangit mo, Anak. Halos hindi na nga kita makilala."

Natawa ulit si Linda. Naalala niya ang manghang ekspresyon ng ama sa unang araw ng pagpasok niya sa opisina. Hindi siya halos nakilala nito sa sobrang kapal ng makeup niya. Nagsuot pa siya ng salamin at ipinusod ang mahabang buhok. Naka-brown na blouse siya noon na itinerno niya sa paldang hanggang binti.

Kahit na hindi nagsalita si Mang Aurelio ay alam niya ang iniisip nito. Kamukha siya ni Miss Tapia!

"Tingin n'yo ba magkakagusto sa 'kin si Daniel kapag inilitaw ko ang tunay kong anyo?" tanong niya sa ama. Humarap siya rito nang punung-puno ng



cream ang mukha. Nagkekengkoy siya, nagpapatawa.

Pinagmasdan ni Mang Aurelio ang anak. Sa totoo ay maganda si Linda. Nagmana siya sa kagandahan ng ina. Maputi siya, matangkad at nasa hustong sukat ang pangangatawan. Kung hindi lamang ipinagbawal ng ama ay nagmodelo sana siya. Naniniwala kasi ito na wala siyang magandang kinabukasan sa modelling. Hindi raw siya nababagay roon dahil simple lamang siya.

“May hitsura ka. Mabilis pa sa alas kuwatro na hahabulin ka ng lokong ’yon pag nakita niya ang tunay mong hitsura,” sagot nito sa tanong ng anak.

“May hitsura lang, ’Tay?”

Natawa si Mang Aurelio. “O sige. Maganda na; magandang-maganda.” Pagkuwa’y napangiwi ito. “Sige, magbihis ka na nga’t sumasakit ang mga mata ko sa hitsura mo.”

---

“Sir, telepono ho,” sabi ni Tinay, ang maid ng mga Guevarra.

Nasa sala si Daniel, nagpapahinga matapos ang mahabang broker’s meeting nang umagang iyon na umabot hanggang hapon. Humitit siya nang malalim

sa sigarilyong hawak, pagkatapos ay uminom ng brandy mula sa glass. Nakapatong ang mga paa niya sa mesita. “Sino raw?” tanong niya.

“Si Ma’am Sofia ho.”

Kumunot ang noo ng lalaki. Nilagok niya ang brandy. “Sana’y sinabi mong wala ako,” naiirita niyang utos.

“Eh, Sir, mumurahin ulit ako n’on kapag sinabi kong wala kayo.”

Bumuntunghininga siya, ibinagsak ang dalawang paa sa sahig. Hindi na siya nakapag-relax. Pati sa bahay ay ayaw siyang tigilan ni Sofia. Minsan lang niya itong inilabas pero kung umasta ang babae ay parang girlfriend niya ito. Wala siyang balak na ilabas ulit ito. Masyado itong obsessive. Masyadong spoiled.

“Sige, ako na ang bahala.”

Nakita niya ang relief na rumehistro sa mukha ni Tinay. Hindi niya ito masisisi. Mataray si Sofia sa mga taong nakakababa rito. “Hello, Sofia?”

“Mabuti’t nakausap kita ngayon. I’ve trying to contact you for a long time,” iritadong bungad nito.

“I’ve been very busy.”

“Busy sa ibang babae!” sigaw nito.

Lalong nagdilim ang hitsura ni Daniel. “Mag-usap na lang tayo kapag wala kang sumpong,” matigas na sabi niya.

“Daniel, I’m sorry.” Naging mahinahon ang boses nito. “It’s just that I miss you. Kailan ba tayo magkikita ulit?”

“I don’t think that’s a good idea.”

Pumalatak ito at saka tumawa nang malakas. Napangiwi ang lalaki, sumakit ang tainga.

“Come on, Daniel. We had fun together,” sabi ni Sofia na parang nag-aalo ng bata. “Siyanga pala, thanks for the flowers. Mas maganda sana kung may note.”

“Flowers?”

“Yes, the red roses. A dozen of red roses. ’Want me to come over to your place?’” biglang pag-iiba nito ng usapan.

Napatawa siya nang mapakla. “Wala ako rito. May pupuntahan akong business meeting.”

Hindi na nakasagot ang babae nang pagbabaan ito ng telepono ni Daniel.

Galit na ibinagsak ni Sofia ang telepono.

“Having a hard time?” tanong ni Susan, pinsan ng babae.

“That bastard! May gana siyang tanggihan si Sofia Almonte!”

“Iba siya, Sofia. Hindi siya tulad ng iba mong boyfriend na nagkakandarapa sa kaunting atensyon mo,” natatawang sabi nito.

Hindi makapaniwala si Sofia na hindi siya gusto ni Daniel. Maganda siya, mayaman, maimpluwensya ang mga magulang. Hindi siya sanay na binabale-wala ng kahit sinong lalaki. Kahit na si Daniel Guevarra pa!

“Ipakikita ko sa ’yo na walang pagkakaiba si Daniel sa ibang lalaking nakilala ko. He’ll be mine, you’ll see.”

Sumilay ang magandang ngiti ni Sofia. Na-challenge siya sa lalaki. Mailap ito pero confident siya na makukuha rin niya ito sa huli.

## 2

“Puwede ka bang mag-overtime?” tanong ni Daniel. “Marami tayong aasikasuhin para sa grand launching ng bagong subdivision natin.”

Lumapit ito sa mesa ni Linda at saka itinungkod ang siko roon. Amoy ng dalaga ang mamahaling pabango nito.

Ini-adjust niya ang suot na salamin at tiningala ang boss. Nangawit ang kanyang leeg dahil kahit na nakasandal ay matangkad pa rin ito. “Hanggang anong oras ba tayo, Sir?” pormal niyang tanong.

“Ten o’clock. Bakit? May date ka ba?” biro nito.

Nakaramdam siya ng inis. Sa tono ng pananalita nito ay parang walang gustong makipag-date sa kanya! Nang sandaling iyon ay natutukso na siyang ilantad ang tunay na pagkatao. “Wala. Itinatanong ko lang para makatawag ako sa bahay at makapagsabi,” depensa niya.

“May curfew ka ba?” nakatawa nitong tanong.

Kung puwede nga lang sipain ang kanyang boss ay matagal na niyang ginawa. Wala siya sa mood para

biruin nito. Isa pa ay hindi siya sanay na binibiro nito. Mas sanay siya sa istriktong Daniel. “Wala. Ayoko lamang na mag-alala sa bahay.”

Alam niya kung ano ang nasa likod ng mga ngiti ng lalaki. Iniisip nito na walang magkakamaling manghalay sa kanya. Nagkuyom ang mga kamay niya.

“Si Mang Aurelio nga pala, mag-aalala.” Seryoso naman ito, hindi na nagtatatawa. “Tumawag ka na lang sa bahay. Naroon pa ang itay mo,” pagkuwa’y bilin nito.

Alas cinco ang uwi ng itay niya mula sa bahay ng mga Guevarra. Tumingin siya sa wall clock. Mag-a-alas-cinco na. Naroon pa nga ang kanyang ama.

---

“Ibigay mo nga sa ’kin ’yung list of activities natin next month,” utos ni Daniel.

Alas ocho na ng gabi. Tahimik na ang buong building.

Iniabot ni Linda ang isang kapisasong papel sa boss. Binasa iyon ng lalaki.

“Wala na bang bago? Pulos na lamang buyer’s night. Dapat tayong mag-isip ng bagong gimmick

para ganahan ang brokers and agents natin.”

Masigla pa rin ito. Parang hindi ito marunong mapagod. Hindi katulad ng dalaga na sagad na sa buto ang kapaguran.

Natapos ang maghapon nila sa pagparito at pagparoon ng iba't ibang departamento ng kompanya. Demanding ang boss niya sa trabaho pero magaling itong maghawak ng tauhan. Kumpara sa ibang kompanya, ang *Guevarra Land Corporation* ay mataas magpasahod kaya magagaling ang mga taong na-e-employ nila. Mataas din ang commission rate ng brokers at agents kaya mabilis mabenta ang kanilang mga lote. Milyonaryo at hindi basta-basta ang kanilang buyers. Dapat lamang na quality service ang kanilang maibigay.

Mula sa lote ay nag-expand din sila sa pagbebenta ng house and lot. Umaabot sa pitong subdivision ang kanilang naibenta. Sa susunod na linggo ay may bubuksan silang bagong subdivision. Hindi biru-birong pera ang involved sa negosyo dahil milyones ang bawat transaksyon na naisasara. Malayo na nga ang naabot ng *Guevarra Land Corporation* kaya madalas na rin ang overtime ni Linda sa dami ng trabaho.

“Pagod ka na, Linda,” puna ni Daniel. Hindi ito

nagtatanong. Sinasabi lamang nito ang nakikita.

Ikinagulat niya ang pagpansin sa kanya nito dahil madalang lamang siya nitong mapansin. Pinagmasdan niya ang boss. Guwapo pa rin ito, hindi nawawalan ng poise na tulad niya.

Alas diez na kaya nagyaya na itong umuwi. Bago umuwi ay dinala siya nito sa isang restaurant at saka sila nag-order ng late-night dinner.

---

Marami pa ring tao sa loob ng restaurant. Na-conscious si Linda nang pagtinginan sila ng mga tao. *Marahil ay nagtataka sila kung anong klaseng nilalang ang kasama ng guwapong ito*, naisip niya at saka napangiti.

“Is there something funny?” tanong ni Daniel nang makaupo na sila.

“W-wala. May naisip lang ako.”

“Would you mind sharing it with me?”

“Hindi ka matatawa.”

Nailing ito. “Alam mo, Linda, medyo matagal na tayong magkasama pero hindi pa kita lubos na nakikilala. Maliban sa ama mong si Mang Aurelio ay



zero knowledge ako sa iyo.”

Nilagok niya nang minsanan ang kanyang mango juice. Bigla ay para siyang kinabahan sa tono ng pananalita nito. Ikinubli niya ang kaba sa pagtawa nang mahina. “Simpleng tao lang naman ako.” Yumuko siya.

“Share a little of yourself with me. Like, I’m sure you have plans to settle down in the near future.”

Tumango siya. Hindi pa rin niya tinitingnan nang deretso ang kausap. Bakit ba nagtatanong si Daniel sa kanya? Hindi kasama sa expectations niya ang usisain siya nito. Tiningnan niya ito nang patago. Humigpit ang pagkakahawak niya sa baso ng juice. *Guwapo talaga siya!* Ayaw man niyang pansinin ay hindi niya maiwasan.

“Ba’t hindi na lang ikaw ang magkuwento sa sarili mo?” paanyaya niya at saka tumitig sa kaharap. *Mas gusto mo namang pinag-uusapan ang buhay mo.*

Natawa si Daniel. Lalong nagtinginan ang mga tao sa kanila. “Iniiwasan mo ang tanong ko. Hindi,” iling nito. “Ikaw ang gusto kong magkuwento. May boyfriend ka na ba?”

“Walang magkagusto.” Yumuko ulit siya, itinago ang amusement sa mukha. “Ganito kasi ang hitsura

ko.”

“External beauty is not everything.”

“Nagsalita ang magaling,” bulong niya.

“What did you say?”

“W-wala.”

“Why is it that this peculiar feeling won’t go away?” biglang tanong nito.

“W-what do you mean?”

Tinitigan siyang mabuti nito, parang inaarok ang kanyang pagkatao. “Na may itinatago ka sa ’kin, na may hindi tama.”

Pinilit niyang ngumiti. Alam na ba nito ang lihim niya? “Ako? May sekreto? Nagpapatawa ka ba?”

“Sorry. Naging mausisa na ako.”

Nahalata ni Daniel na hindi komportable ang kausap sa kanyang sinasabi. Marahil ay mahiyaing masyado, naisip niya. Tiningnan niya ang nakayukong dalaga. Napansin niya na maputi ang batok ni Linda, taliwas sa kulay nito sa mukha na medyo maputla. Nagkibit-balikat siya. Pati ba batok ng sekretarya ay napag-iinteres na rin niya?

Iginala niya ang paningin sa restaurant. Napansin niya ang isang babaeng nakatingin sa kanya sa di-kalayuan. May kasama ito pero panay ang pakita sa kanya ng interes. Simpleng ngiti lang ang ibinigay niya sa babae, sabay talikod.

“Puwede na ba tayong umuwi?” sabad ni Linda. “Kasi maaga pa tayo bukas.”

Biglang nairita ang dalaga sa nakitang pagpansin ni Daniel sa isang babae sa di-kalayuan sa mesa nila. Nairita siya lalo nang maisip na wala siyang karapatang makaramdam nang ganoon. Bigla ay nainis siya sa suot na eyeglasses at damit. Gusto niyang maging maganda. Gusto niyang tingnan siya ni Daniel na may paghanga sa mga mata nito.

“Wait, I’ll settle the bill,” sabi ng lalaki. Tinawag nito ang waiter.

Paglabas nila ng restaurant ay inalalayan siya nito. Nang hawakan nito ang kanyang siko ay para siyang nakuryente! May sensasyong umakyat sa kanyang siko papunta sa puso; nakakabigla, hindi maipaliwanag.

“Are you all right?” tanong nito sa kanyang pananahimik.

Tumango lang siya. Nasa kalagitnaan na sila ng

parking lot nang pumatak ang ulan. Nadismaya siya.

Basang-basa sila pagdating sa kotse. Nanginginig sa ginaw si Linda pagpasok sa sasakyan.

“Mababasa ang kotse mo,” sabi niya.

“Hindi mahalaga. Ang isipin mo’y huwag sana tayong magkasakit.”

Kinuha ni Daniel ang isang leather jacket sa likod ng kotse at ibinigay sa kanya. “Heto, isuot mo. Mahirap nang mawalan ng sekretarya.”

Napairap siya sa gitna ng pangangatog. Lumilitaw pa rin ang pagkasarkastiko ng lalaki kahit na nagtatangang magpakabait.

Gusto man niyang tumanggi sa inaalok nito ay tinanggap na rin niya iyon. Ginaw na ginaw siya. Ibinalabal niya sa katawan ang leather jacket. Naamoy niya ang pabango ni Daniel doon. Para tuloy nakayakap ang lalaki sa kanya! Bigla ay parang uminit ang kanyang mukha sa naisip.

“Okay ka lang ba, Linda?” tanong nito.

“Yes, Sir.”

Natawa ito. “Puwede ba, Linda, huwag mo akong tawaging ‘Sir,’ lalo na kung tayong dalawa

lang. Nakakaalangan. Sa tingin ko nama'y hindi tayo nagkakalayo ng edad."

Tumingin si Daniel sa dalaga. Napa-second look siya. Parang iba ang hitsura ni Linda kapag nababasa. Kumawala ang nakapusod nitong buhok, nabura ang iba nitong makeup. Dumikit sa katawan nito ang suot na blusa. Kumunot ang noo niya. Nagmukhang bata ang sekretarya. Parang hindi na ito si Miss Tapia, Jr.

"Ilang taon ka na, Linda?" biglang tanong ni Daniel.

"Twenty-three," sagot niya. Ang totoo ay twenty-two pa lamang siya. Pero malapit na rin naman ang kanyang birthday kaya ayos lang na magsinungaling siya sa tamang edad, naisip niya.

"Batang-bata ka pa pala," manghang komento nito. "Kailan mo balak mag-asawa?"

Hindi siya mapakali sa pinatutunguhan ng usapan nila. Nagiging curious na ang kanyang boss. At iyon ang kinatatakutan niya. "What do you think?" mataray niyang tanong bilang depensa sa sarili. "Sa tingin mo ba'y may magkakagusto sa akin?"

"I'm not saying anything like that."

*Mali na naman ang reaction mo, Linda. Nag-*

*overreact ka, kastiga niya sa sarili. Nagbaba siya ng tingin, napahiya. “W-wala pa akong balak mag-asawa. Marami pa akong pangarap sa buhay.”*

“Masuwerte ang mapapangasawa mo. Siguradong magiging magaling kang maybahay.”

Gusto niyang isagot, *Hoy! Diyan ka nagkakamali. Hindi ako puwedeng iburo ng asawa ko sa bahay, pero minabuti niyang manahimik. Nagsisimula nang manginig ang kanyang bibig sa ginaw kahit nakabalabal na ang jacket ni Daniel sa kanya.*

Sa wakas ay nakarating sila sa harap ng bahay nina Linda. Umuulan pa rin nang malakas.

“Tumuloy ka muna sa bahay para makapag-alis ng basang damit.”

Gusto niyang bawiin ang sinabi nang makitang sumilay ang pilyong ngiti sa mga labi ng kausap.

“Are you suggesting what I think you’re really suggesting?”

*Malisyoso pala ang loko, naisip niya. Ngumiti siya nang ubod-tamis sa kabila ng pamumula ng mukha. “Ang ibig kong sabihin, pahihiramin kita ng damit ni Itay dahil mahaba pa ang biyahe mo pauwi.”*

Natawa si Daniel. “No, thanks. I have spare

clothes on the back seat.”

“Ba’t hindi ka nagpalit kanina—”

Hindi na niya naituloy ang sasabihin nang makitang naghuhubad na ito.

“Akala ko kasi ma-o-offend ka....”

“Ano’ng ginagawa mo?”

“Nagbibihis,” nakangiti nitong sagot.

Inalis nito ang suot na basang polo. Napatanga si Linda sa magandang katawan ng lalaki. Naisip niyang madalas itong mag-workout sa gym pagkakita sa well-proportioned na dibdib nito.

“A-aalis na ako.” Nagmamadaling lumabas sa kotse ang dalaga na parang sinisilaban ang puwit sa pagmamadali.

Naiwan si Daniel na nagpipigil matawa.